# 1

"Ano ka ba naman, Geni? Hanggang ngayon ba hindi ka pa rin nagsasawa d'yan sa pangangarera mo? Ang ganda mo pa namang babae tapos ang sport mo pang-macho!" reklamo ni Felice, kaibigan ni Geni mula pa sa kanyang high school days sa St. Scholastica.

Nasa likod ng manibela ng *Eclipse* ang twenty-four year old na car racing enthusiast na kauuwi pa lamang mula sa Japan, at ngayong wala pang twenty four hours sa Pilipinas ay pangangarera kaagad ang nasa isipan.

"Sige na, Felice, na-miss ko ang feel ng drag racing dito sa Pilipinas eh. Kaya, please, ituro mo na sa akin kung saan tayo puwedeng mangarera," pangungulit pa niya sa kaibigang madalas makasama noon sa gawaing iyon. "Meron pa rin ba sa White Plains?"

"Wala na doon, sa Macapagal Avenue na ngayon ang venue ng drag race," ang napilitan na ring sagot nito.

"Lumaban ka na ba doon?" curious na tanong ni Geni na mas diniinan pa ang pag-apak sa accelerator dala na rin ng excitement.

"Lumaban? Kelan ba naman ako nangarera? Alam mo namang sabit lang ako parati sa 'yo sa tuwing sasali ka sa mga ganyan eh!"

"Kung ganoon, sino ang sinasabitan mo habang wala ako sa Pilipinas? How did you discover this new venue?" ang mas lalo pang naintriga niyang tanong.

"May naging boyfriend ako noon, si Jim. Madalas niya akong isama noon sa mga karera niya, that's why I got to discover Macapagal Avenue," pagtatapat nito.

"Bakit hindi mo yata naikukuwento ang Jim na 'to sa 'kin pag magka-chat tayo noon?" tanong ni Geni habang nag-U-U-turn sa slot.

"It was just a two month relationship which I would rather forget," pagtatapos kaagad ni Felice sa topic sabay baling sa kanya. "Ikaw, wala ka bang naging boyfriend sa Japan?"

"Sa sobrang pagkaistrikto ng papa ko, sa tingin mo ba may makakaporma sa 'kin?" ang napapailing na nasabi ni Geni habang nakatuon ang mga mata sa madilim na kalsada. "Isa pa, wala rin naman akong nagustuhan sa mga naging suitors ko doon eh…" dagdag pa niya.

"Geni Aguirre, twenty four years old ka na pero ni minsan hindi ka pa nagkaka-boyfriend! Ano ba talaga kasi ang klase ng lalaking hinahanap mo?" tanong ni Felice na siyang natatakot para sa kaibigan dahil baka maging matandang dalaga.

" 'Yung katulad ng papa ko," ang diretso niyang sagot. " 'Yung loving, patient, understanding, honest, trustworthy hardworking, passionate at higit sa lahat, he has to love cars!"

"Huwag kang mag-alala sigurado pag-uwi mo mamayang hatinggabi mahahanap mo na ang lalaking 'yan, imposibleng walang mahilig sa kotse sa mga 'yon!"

"Hindi ko goal makahanap ng boyfriend ngayon," aniya. "All I want is to be able to race, masaya na ako doon."

"SHIT! Akala ko ba hindi sasali 'yang si Nathan!"

"Oo nga, patay na naman ang diskarte ko nito!"

Ilan lamang ang mga iyon sa naging reklamo ng mga racers na inihahanda na sana ang

kanilang mga naka-set-up na kotse ngunit pawang nagsiatrasan nang makita ang hari ng drag racing roon, ang twenty six years old na si Nathan Peralta.

"O ready na ang best friend ko, who's up for the race?" panghahamon ni Tristan matapos bumaba sa passenger side ng latest model ng itim na *Honda Civic* ni Nathan.

Ngunit wala sa mga kareristang nakahilera ang sumasagot, pawang takot malagasan ng pera at mapahiya sa maraming manonood.

"Come on, guys, huwag naman tayong masyadong seryoso. Let's all have fun," pangungumbinse ni Nathan na kanina pa nangangating mangarera. After a long day at his father's automotive spare parts company kung saan siya ay nagtatrabaho bilang direktor, wala siyang gusto kundi makapag-relax sa kanyang paboritong libangan.

"Fun? Ikaw lang naman ang magiging masaya rito mamaya kapag kinokolekta mo na ang mga pusta namin eh!" reklamo ni Alvin, isa sa madalas niyang makalaban.

"Who knows baka malas pala ako ngayon,

matalo n'yo pa ako diba?" patuloy pa niyang pagbabago sa pasya ng mga ito.

"Parati mo namang sinasabi 'yan pero wala pa ring makatalo sa 'yo rito!" hirit ni Wendel na walang tiwala sa sarili pagdating sa pakikipaglaban kay Nathan.

"Paano ba 'yan, pare, wala naman palang gustong lumaban sa 'yo rito eh—" ang nasabi ni Tristan na nakatayo sa tabi ni Nathan.

"Ako, lalaban ako," anang tinig ng isang babae na nagpatahimik sa lahat ng mga naroroon na karamihan ay mga lalaki.

Laglag panga ang mga ito nang masilayan ang napakagandang babae na humahamon kay Nathan.

"Sino ba ang makakalaban ko?" tanong nito in that strong, deep yet very sexy female voice na imposibleng hindi pakikinggan ng sinoman.

"Uhmm… it's me… I'm Nathan by the way." In-extend ng binata ang kanyang kamay habang hindi mapuknat ang mga mata sa pagkakatitig sa exotic beauty na iyon.

"Geni," ang maikling balik nito sabay sandaling tinanggap ang kanyang pakikipagkamay. "Shall

we start?" tanong nito na halatang hindi na makapaghintay makipagkarera.

Sa pag-upo pa lamang ni Nathan sa driver's seat, he knew he was in trouble. Hindi dahil sa natatakot siya sa kakayahan ng babae kundi dahil sa natatakot siya sa kanyang sarili. Alam niyang malakas talaga ang kanyang naging tama kay Geni, at sa katunayan hanggang ngayon ay hindi pa rin niya magawang alisin ang mga mata sa babaeng nakaupo sa katabing sasakyan. Dahil doon ay naunahan tuloy siya nito sa starting line.

"Focus, Nathan, focus!" ang malakas niyang paalala sa sarili.

Pansamantala na lamang niyang kinalimutan ang babaeng katunggali at nag-concentrate sa pagmamaneho ng kanyang sasakyan. Ngunit sadyang iba si Geni sa mga nakalaban niya, no one among them matched her driving skills and for the first time, the undisputable Nathan Peralta felt a real challenge.

"I know I should be feeling bad dahil nasira ang image ko sa harap ng mga lokong 'to, but I definitely don't mind losing especially to a beautiful lady like you," ang sinserong sinabi ni

Nathan nang matapos ang karera at kapwa na sila lumabas mula sa kanilang mga sasakyan. "Congrats, Geni." In-extend niyang muli ang kamay nang makalapit sa kinatatayuan nito sa pagitan ng kanilang mga kotse.

"Thanks," ang tanging naging balik nito na nagpalabas ng saglit na ngiti na mas lalo pang nakapagpabighani sa binata.

*She's really taking my breath away,* isip niya matapos panandaliang masilayan ang malalim nitong dimple sa kaliwang pisngi.

"Would you like another race?" alok niya. "Kailangan ko namang makabawi nang maibangon ko ang reputasyon ko sa harap ng mga ugok na 'to na alam kong palihim akong pinagtatawanan ngayon," ang pabiro niya pang dagdag.

Hindi na nagkaroon pa ng pagkakataong sumagot ang dalaga nang biglang mag-ring ang cellphone nito.

"Hanep, akalain mo isang babae lang pala ang makakatalo sa 'yo, Nathan!" kantiyaw ni Alvin nang makalayo si Geni at sagutin ang tawag.

Kahit pa nakakatanggap ng sari-saring pangangantiyaw at pang-aalaska ang binata ay hindi niya iyon inalintana. Meeting someone like Geni gave him an even bigger high than winning a race.

"I'm sorry but I can't go for another race, kailangan ko nang umuwi eh. But it's nice to meet all of you…" pag-a-address ni Geni sa lahat ngunit naglagi ang huling tingin nito kay Nathan na hindi naman nakaligtas sa kanyang pansin.

Habang pinagmamasdan niya ang pagtungo nito sa sasakyang sinlakas rin ng dating nito, he felt like his mind was going on a haywire. Nais sana niyang lapitan ito at kuhanin ang cellphone number ngunit nanatili siyang nakapako sa kinatatayuan. *She's like a strong wind na biglang umihip sa akin. Just as I was about to savor her presence, she was suddenly gone…* isip niya habang pinanonood ang paglayo ng sasakyan nito hanggang sa tuluyang mawala sa kanyang paningin.

"O pare, nakahanap ka na ng katapat mo 'no?" kantiyaw ni Tristan.

"Oo nga eh and I just wish she'll be back

soon. Wala akong pakialam kung matalo man ako ng paulit-ulit sa kanya, basta makita ko lang siya masaya na ako," sagot niya na patuloy pa ring nakatitig sa pinagparadahan nito kahit pa matagal na itong wala roon.

Napailing na lamang si Tristan sa tulalang best friend. "Sus! Lakas ng tama mo, tsong!"

"S'ABI KO sa 'yo eh, makikita mo ngayon ang lalaking hinahanap mo!" hirit agad ni Felice nang magsimulang paandarin ni Geni ang kanyang kotse.

"Sino?" ang napakunot-noong tanong niya habang nakatuon ang pansin sa kalsada.

"Sino pa, edi si Nathan!" pagtukoy nito. "Girl, obvious naman na hindi nakapag-concentrate sa karera! Alam mo bang wala pa raw nakakatalo d'un, ikaw pa lang!"

"Well, what can I do, I'm really good," ang pagkuwa'y proud na balik ni Geni na hanggang ngayon ay hindi pa rin nakaka-get-over sa high na nararamdaman sa pagkapanalo.

"Oo na magaling ka na pero what helped you a lot ay 'yang itsura mo. Kahit noon pa man

eh, you've always got that look that's very distracting lalo na sa mga guys!" pagpo-point out nito. "But what do you think of that guy Nathan? Hindi ka man lang ba na-distract rin sa kanya? I mean he looks so hot! Kung ako ang nasa lugar mo kanina, naku, baka nabangga na 'ko!"

"Well… he's cute," ang napakibit-balikat lamang niyang sagot.

"Cute lang? 'Yan lang ang masasabi mo?" ang hindi makapaniwalang balik ni Felice. "Nakita mo ba ang itsura n'on? Man! That's one drop-dead gorgeous guy! Para nga siyang prinsipe and instead of a car, he should be riding a horse. Siya 'yung tipo na unang kita mo pa lang alam mo nang kayang-kaya ka niyang protektahan. Maybe he is the man for you…" panunukso nito.

"Do you really think that I am the type of girl who needs protection from a man?" balik ni Geni na medyo nakaramdam ng bahagyang pagkainsulto. She had always taken pride in her own strength and independence kaya sadyang mahirap para sa kanyang tanggapin na kailangan niya ng isang lalaki para sandalan

sa kanyang buhay.

"Hay naku, hindi ka pa kasi nai-in love kaya ka ganyan. Just you wait and you'll find out na masarap ring magkaroon ng isang taong makakaramay mo sa buhay mo..."

Hindi na kumibo si Geni, alam niya kasing wala siyang laban sa wisdom ng kaibigang beterano na sa pag-ibig.

"DON'T YOU TRY na magsinungaling pa sa akin kung saan ka nanggaling dahil dinig na dinig ko kanina sa mga rebolusyon ng mga sasakyan that you were out there racing again. Alam mo, hija, okay lang naman sa akin kung mangarera ka, but do it in the proper racing circuit, hindi 'yung sumasali ka sa mga ilegal na drag racing na 'yan!" pangaral ni Mr. Fernando Aguirre sa nag-iisang anak nang puntahan ito noong gabing iyon sa loob ng study room nito sa kanilang bahay.

"Pa, sorry na huwag ka nang magalit sa akin," paglalambing naman ni Geni sa ama na niyayakap ito mula sa likod ng upuan nito.

"Hindi naman sa nagagalit, nag-aalala lang

kasi ako," ang biglang paglumanay ng tinig ng ginoo. "Paano kung nahuli ka ng mga pulis, or worst naaksidente ka? Napakadelikado kasi niyang sinasalihan mo, hija," patuloy pa nito.

"Okay, promise, Pa, hinding-hindi na ulit ako sasali sa drag racing na 'yan kaya huwag ka nang mag-alala pa sa akin," pangako niya sabay halik sa pisngi ng ama.

"Hay naku, napakagaling mo talaga pagdating sa pambobola d'yan sa papa mo," napapailing na nasabi ni Mrs. Nita Aguirre nang pumasok ito sa study room na may dalang tray na naglalaman ng tatlong tasa ng tsaa.

"Hindi ko naman siya binobola eh, tutuparin ko naman ang pangako ko na hindi na talaga ako sasali sa drag race," pagtatanggol niya sa sarili.

"Dapat lang na tuparin mo 'yan dahil matanda na ako, hindi ko na kakayanin ang mga tensyon at baka bumigay na ang puso ko," saad ni Mr. Aguirre na mayroong heart problem.

"Promise talaga, Pa, I won't let you worry anymore..." sumpa niya.

"PANSIN KO PARE, magmula nang makilala mo 'yung si Geni, gabi-gabi ka na lang nagyayaya rito. Mukhang seryoso talaga ang tama mo sa kanya ah," komento ni Tristan.

"Yeah, I really couldn't take her off my mind," pag-amin ni Nathan habang ipinaparada ang sasakyan sa tabi ng mga nakahilera na roon sa Macapagal Avenue. Wala talaga siyang balak sumali sa karera, tyumitiyempo lang siya baka sakali kasing bumalik muli ang babaeng nakalaban mga ilang gabi na rin ang nakakalipas.

"Kapag nakita mo kasi siya ulit, huwag ka nang magpakatiyope d'yan, kunin mo na kaagad 'yung number," payo ng best friend habang papalabas sila ng sasakyan.

"I know, that's exactly what I'm planning to do," balik niya habang inililibot ang mata hoping to catch a glimpse of the mysterious beautiful lady.

Ngunit magmamadaling araw na, ni anino ni Geni ay hindi pa rin nila nasisilayan. *Hindi bale, mayroon pa namang bukas, I know I will see her again,* ang puno pa rin ng pag-asang isip ng binata.

PILIT PINIPIGILAN ni Geni ang sarili na magpunta sa Macapagal Avenue ngunit sadyang malakas ang hatak ng pangangarera. At kahit ang ipinangako sa amang hindi na siya sasali sa drag racing ay walang nagawa upang malabanan ang tukso.

*I'm sorry, Pa. Promise, this is gonna be the last time I'll do this,* isip niya na nakakaramdam ng konsyensya dahil babaliin niya ang pangako rito.

Mag-isa lamang siyang nagpunta roon noong gabing iyon dahil ayaw na siyang kunsintihin ng kaibigang si Felice lalo na nang malaman nitong hindi nagustuhan ng ama ang kanyang pagsali roon.

Napatingin sa kanya ang mga tao habang pababa si Geni sa kanyang pamilyar na red *Mitsubishi Eclipse*. Hindi tulad noong isang beses na napukaw niya ang atensyon ng mga tao dahil sa kanyang angking ganda, ngayon ay respeto at paghanga ang nakikita niya sa mga ito lalo at tinalo niya si Nathan Peralta.

Dati madalas siyang ma-conscious sa tinging

nakukuha mula sa mga tao, but over the years ay nasanay na rin siya. But she is very much careful not to let the attention get to her head. Paglapit sa mga ito ay naramdaman niya ang mainit napagtanggap, and as she made small talk with them, pasimple niyang in-scan ang crowd umaasang makikita roon ang lalaking nakalaban mga ilang gabi na ang nakakaraan. Nais sana niyang itanong kung nasaan ito ngunit hindi siya nagkaroon ng lakas ng loob na gawin iyon.

Makalipas ang ilang sandali ay napagpasyahan nilang magkakera. Nang maayos ang pusta ay pumasok na sa kanilang mga sari-sariling sasakyan ang mga driver. Nang magbigay ng hudyat para sa kanilang pagsisimula, tulad ng inaasahan ay nanguna na naman si Geni. She was going smoothly leading the pack nang biglang marinig niya ang sirena ng police car.

"Shit!" ang malakas niyang mura mula sa loob ng sasakyan. Nagsisimula na siyang mag-isip kung paano makakatakas ngunit wala na rin siyang nagawa nang mapaligiran ng mga ito. *Oh Lord, what am I going to do now?*

*HAY… what a boring night… how I wish nasa Macapagal Avenue na lang ako ngayon, baka sakaling ngayon pa magpunta si Geni,* isip ni Nathan habang papasok sa mansion ng kumpadre ng kanyang ama na si Don Ramon Escudero. Mayroong ginaganap na welcome party para sa anak nitong si Carina na kauuwi lamang mula sa pag-aaral nito sa Amerika. At sinigurado ng kanyang amang si Don Jose na makakasama siya upang maipakilala sa dalaga.

Wala man itong binabanggit ay kuha na ni Nathan ang intensyon ng ama na ireto siya rito. Hindi siya pabor sa ginagawa nitong iyon dahil gusto niyang magkaroon ng kalayaan sa pagpili ng babaeng mamahalin at makakasama sa buhay.

“Hijo, I would like you to meet Carina, she graduated from a fashion school in New York,” imporma ni Don Jose sa kanya. “Isn’t she a lovely lady?”

“Yes she is,” pagsang-ayon niya. Totoo maganda nga si Carina in her classy, elegant way subalit hindi pa rin iyon sapat para kay Nathan upang tuluyang mapukaw ang kanyang pansin. Sadya kasing wala pa ring makakapalit

kay Geni sa kanyang isipan.

Sinadya talaga ng dalawang matandang lalaki na sila ay pagharapin. Ngunit wala pa mang nabubuong conversation sa pagitan nila ng dalaga ay bigla namang tumunog ang kanyang cellphone. “Excuse me,” ang sinabi niya rito sabay tumalikod upang sagutin iyon. “O pare, bakit?” bungad niya sa best friend.

“Pare, si Geni!”

Biglang nakaramdam ng kaba ang binata sa tono ng pananalita nito. “O bakit? Ano’ng nangyari?”

“Nakasama siya sa mga dinampot ng pulis nang magkahulihan kanina sa karera. Naka-detain siya ngayon sa presinto!”

“Ha? Okay sige pupuntahan ko na siya,” ang kaagad niyang sinabi na binabalot ng matinding pag-aalala. “I’m really sorry, Carina, but I have to go and help someone,” paalam niya sa dalaga sabay nagmamadaling nilisan ang mansion na hindi man lamang nagawang magpaalam sa kanyang mga magulang.

Putting his car into gear, pinaharurot iyon ni Nathan na daig pa ang lumalaban sa isang

kompetisyon.

"CHIEF, baka puwede naman po nating aregluhin na lang 'to," pakiusap ni Nathan sa pulis na naka-duty noong gabing iyon sa presinto kung saan naka-detain ang dalaga.

"Alam mo kailangan kayong turuan ng leksyon. Hindi na kasi kayo nadala-dala eh. Hindi naman komo mayayaman kayo puwede n'yo nang gawin ang kahit anong gustuhin ninyo. Ang batas natin ay dapat pantay na ipinatutupad para sa mayayaman at mahihirap," panenermon ng nakakalbo nang pulis.

"Naiintindihan ko po kayo, Chief, kaya lang po kasi first time lang talagang sumali ni Geni sa karerang 'yon, kaya baka puwede naman pong patawarin n'yo na siya…" patuloy pa niyang pakiusap.

"First time? Eh, kitang-kita naming siya 'yung nangunguna sa karerang 'yon kanina!" giit nito.

May katigasan talaga ang pulis kaya naisip ni Nathan na gamitin na ang last and most extreme measure niya. "Pasensya na po kung

kinukulit ko kayo. Hindi bale, kakausapin ko na lang siguro 'yung tito kong si General Peralta…" ang napilitan na niyang pagbabanggit ng pangalan ng kamag-anak.

"Uncle mo si General Peralta?" ang biglang pagbabago ng tono nito.

"Opo, kapatid siya ng daddy ko," pagkumpirma niya.

Ilang sandali pa at umubra na rin ang kanyang tactic at pinakawalan na rin si Geni.

"Nathan, bakit si Geni lang ang inilabas mo? Paano naman kami?" tanong ni Alvin na nasa loob pa rin ng selda.

"Hindi na naman bago sa inyo ang ganyan, huwag kayong mag-alala makakalabas rin kayo," ang sinabi na lamang niya bago tuluyang nilisan ang presinto kasama ang dalaga.

"Salamat nga pala sa paglabas mo sa akin, ha? I know nahirapan ka sa pagco-convince sa pulis," ang nahihiyang nasabi ni Geni na kanina pa balisang-balisa dahil hindi nito malaman kung sino ba ang kokontakin para makalabas sa lugar na iyon. For a while she was already tempted to call her father, mabuti na lamang

at dumating si Nathan. "Nakakahiya naman sa 'yo, we barely know each other and here you are helping me."

"Wala 'yon, hindi lang kasi ako mapalagay na malalagay sa ganitong klaseng lugar ang isang babaeng katulad mo," ang napakamot-ulo niyang balik.

Ilang sandali ring bumalot ang katahimikan sa pagitan nilang dalawa hanggang sa pumasok sa isipan ni Nathan na ibinibigay na sa kanya ang pinakamimithing pagkakataon na makasama nang matagal ang tyinetiyempuhang babae.

"Would you like to have coffee first para naman kahit paano makapag-relax ka? I know medyo na-stress ka sa nangyari kanina…" ang kinakabahan niyang paanyaya, animo'y hindi pa sanay sa mga ganoong tagpo.

Nathan is pretty popular when it comes to women. Ni minsan hindi naging problema sa kanya ang pag-approach sa mga ito. But it was a different case with Geni, pakiramdam niya ay para bang isa siyang awkward high school student na hindi malaman ang gagawin sa harap ng kanyang biggest crush.

"Sure, I think I would need that…" pagpayag naman nito.

"MUKHANG may important gathering ka yatang pinanggalingan, naistorbo pa kita," nahihiyang sabi ni Geni nang mapansin ang suot na tuxedo ng lalaki habang papaupo sila sa puwesto sa gilid ng café.

"Hindi, good thing nga rin nakaalis ako roon. It was a boring party," reklamo nito habang niluluwagan ang kuwelyong suot.

"Kaya pala napansin ko wala ka sa Macapagal kanina, may pinuntahan ka palang party," komento niya.

"So, hinahanap mo pala ako…"

Bigla namang pinamulahan ng pisngi si Geni sa pagkakahuli sa kanya ni Nathan. *Hindi ka kasi mag-ingat sa mga salita mo!* pangaral niya sa sarili na hindi mahanap ang mga tamang salita na maibabalik rito.

"I had been going there every night ever since I saw you, umaasa kasi akong makikita kitang muli," pag-amin naman ni Nathan.

"Na-discover kasi ng papa ko na sumasali na naman ako sa drag racing. Hindi kasi siya pabor sa ganoon, delikado nga raw kasi. Tumakas lang ako kanina, hindi ko na kasi matiis. I knew I had to race. Kaso eto ang nangyari sa akin, tigas kasi ng ulo ko eh," ang napapailing na lamang niyang sabi na pinagsisisihan ang ginawang pagsuway sa ama.

"Alam mo mas lalo kitang nakikilala, mas lalo mo pa akong napabibilib. Bibihira ang mga babaeng katulad mo na may interes sa ganitong klase ng delikadong sport. You are really a one of a kind girl," ang hindi maiwasang paglabas na sa bibig ni Nathan ng mga palagay ukol sa babae.

"I guess hindi na rin maiiwasan, bata pa lang kasi ako exposed na ako sa mga kotse. My father used to work in a car manufacturing company. Kauuwi lang namin galing Japan, seven years kaming nag-stay doon because of his job," pagbabahagi niya sabay inom ng caramel frappe.

"Gan'on ba? Hindi pala tayo nagkakalayo ng mundong ginagalawan. My family is engaged in automotive parts distribution. I'm currently

working there as the Managing Director," ang masaya nitong ipinaalam na nakahanap na naman ng panibagong common sa kanilang dalawa aside from their passion for racing. "Hindi ba parang fate itong nangyayari sa atin?"

Hindi si Geni ang tipo ng dalaga na preoccupied sa konsepto ng fate. Pero noong mga sandaling iyon ay para bang gusto na niyang sumang-ayon kay Nathan.

# 2

"What? Na-detain ka sa presinto kagabi?" ang halos lumuwa ang mga matang pag-uulit ni Felice nang ikuwento ni Geni ang sinapit.

Nasa loob lamang sila ng kanyang kuwarto kaya hindi niya maiwasang mapraning na baka may makarinig sa kanilang usapan. "Hinaan mo naman 'yang boses mo, nasa living room lang si Mama," pakiusap niya.

"Pasensya na, nabigla kasi ako eh," pagtatanggol nito sa sarili. "Ikaw naman kasi ang tigas ng ulo mo! Sinabi ko nang tigilan mo na 'yang kalokohan mong 'yan, tingnan mo tuloy ang nangyari sa 'yo. Paano ka nakalabas?"

"Nathan came to help me," ipinaalam niya na pilit pinipigilan ang paglabas ng ngiti.

"Oh my God! Sabi na nga ba eh, he's such a Prince Charming!" ang halos maloka na ngayong nasabi ni Felice. "Eh di girl na girl ang feeling mo kagabi when he rescued you?"

"Uhmm… oo…" pag-amin na rin niya. "Ang buong akala ko walang bagay na akong hindi kakayaning harapin mag-isa sa buhay ko. But

last night, I really felt so helpless, mabuti na lang dumating siya para tulungan ako."

"Sabi ko sa 'yo eh, it's nice to have a man in your life!" pagpupunto nito.

"He's not my man, he was just helping me," pagdiriin niya.

"Saan pa ba papunta 'yan? That guy is clearly taken by you!"

Sasagot pa sana si Geni nang biglang mag-ring ang kanyang cellphone. "Oh hi, Nathan!" bati niya na hindi maiwasang maweirdohan dahil pinag-uusapan pa lamang nila ito nang biglang tumawag na kaagad sa kanya.

"Hi, Geni!" bati rin nito habang pasimple namang nilalabanan ang mabilis na pagtibok ng puso. "Uhmm…are you busy tomorrow?"

"Hindi naman, bakit?" tanong niya na natutunugan na kung saan patungo ang tanong nito.

"Uhmm…I was wondering…maybe we could go out…if it's okay with you…" ang pigil-hiningang patuloy pa nito.

"Sure, it's fine with me," sagot niya na pilit

ikinukubli ang eagerness sa tinig. Hindi naman kasi niya nais magmukhang sabik lalo na at iyon pa lang ang magiging first official date niya sa kanyang buong buhay.

Nang marinig ang positibong tugon ay doon lamang nakahinga ng maluwag si Nathan. "Alright, I'll pick you up na lang at your house around 5 pm tomorrow."

"See, what I'm telling you?" ang sinabi kaagad ni Felice nang matapos ang pakikipag-usap ng kaibigan sa binata. "Grabe, ako ang kinikilig sa inyong dalawa eh! Mukhang magkaka-boyfriend ka na sa wakas, girl!"

Hindi kumikibo si Geni, but deep inside she was feeling the giddiness as well. *Ganito pala ang feeling to like someone. Si Nathan na nga kaya ang maging first boyfriend ko?*

"I HOPE magustuhan mo itong lugar na pagdadalhan ko sa 'yo," ang may pagpapakamisteryoso pang sinabi ni Nathan nang biglang pumasok ito sa isang lugar sa Bicutan area.

"Oh my God, we're going karting?" It was

not the kind of date na ine-expect ni Geni, but she definitely loves it nonetheless.

"I'm glad you like this," ang nakahingang nasabi ng binata na nais gawing espesyal ang kanilang unang date.

"As long as there are cars, I'll be a happy girl," panigurado niya habang excited na bumababa mula sa kotse ni Nathan. "Ano, tara na? I can't wait to race with you again!"

"This time, mananalo na ako sa 'yo!"

"Talaga lang ha, sige tingnan natin!"

As the friendly competition started between the two, wala sa kanila ang nakapagseryoso dahil puro tawanan lamang ang inatupag nila nang magmistula silang dalawang bata na nakasakay sa bump cars at sinasadyang banggain ang isa't isa.

"Grabe, that was the worst race I've ever had!" ang natatawa pa ring nasabi ni Geni habang lumalabas sa maliit na kart.

"But it was definitely the funniest," komento ni Nathan habang pinagmamasdan ang pagtatanggal ni Geni ng helmet displaying her long, brown, wavy locks. *Does she have any idea*

*how gorgeous she is?* ang napapatulala na naman nitong isip.

"Yeah, and I think puro pasa ako nito bukas."

"Sobra ba ang pagkakabangga ko sa 'yo kanina? Did I hurt you?" nag-aalalang tanong nito.

"No, don't worry sanay na ako sa ganito, I used to go karting rin kasi in Japan," pag-a-assure niya.

Ilang sandali pa ay nagyaya na rin si Nathan na kumain sa restaurant na nasa second floor, kung saan tanaw ang racing circuit na nasa ibaba.

"So sa Japan ka na pala nag-college, hindi ka ba nahirapan sa language nila?" tanong ni Nathan habang kinakain ang kanilang mga inorder na pasta.

"Sobrang hirap pero wala naman akong magagawa, I have to learn it," ang kibit-balikat na lamang niyang nasabi.

"Kumusta naman ang buhay doon? Sigurado marami kang Hapon na naging manliligaw roon."

"Hmm… meron din. Pero gusto ko pa rin ang Pinoy, iba 'yung magkapareho 'yung culture ninyo, diba?"

"Siyempre naman, iba kasi 'yung nagkakaintindihan kayo ng ugali at pareho kayo ng interests, tulad natin, we both love cars and racing," pagpaparinig na naman nito. "Sa totoo lang, this is the first time that I've ever been with a woman na naging ganito ako kasaya. This is the greatest date I've ever had," ang sinsero pa nitong dagdag.

"Actually, this is my first date too and I am really having so much fun with you as well," pagtatapat na rin ni Geni.

Hindi naman makapaniwala si Nathan sa natuklasan. "Ang ibig mong sabihin sa ganda mong 'yan, hindi ka pa nagkaka-boyfriend kahit kelan?"

"Hindi pa, mahigpit kasi ang papa ko when it comes to boys, he's very protective of me. Only child lang kasi ako eh," paliwanag niya. "Isa pa, may pagkapihikan rin kasi ako."

"Bakit, anong klase ba ng lalaki ang hinahanap mo?" ang biglang na-curious nitong tanong.

" 'Yung katulad ng Papa ko, loving, understanding, patient, trustworthy, honest, hardworking, passionate and…"

"And what?" ang nabibiting nasabi ni Nathan na biglang napadiretso ng upo sa silya.

Ilang sandali ring nag-hesitate si Geni kung itutuloy pa ba ang pagbibigay ng qualities na hinahanap niya sa isang lalaki, baka kasi isipin ni Nathan na nagpaparinig siya. "And… he has to love cars," paglalabas na rin niya.

Nakahinga nang maluwag ang binata, confident that he is everything she mentioned. "I think I fit your qualifications…puwede bang mag-apply para maging boyfriend mo?"

Tempting man ang proposal nito, nagpaka-dalagang Filipina pa rin si Geni at nagpasiyang kilalanin muna ito ng lubusan. "Uhmm… let me think about it first."

"PARE, I think I'm really falling in love with Geni," pagtatapat na ni Nathan sa best friend nang dumiretso sa pad nito matapos iuwi ang dalaga sa bahay nito noong gabing iyon matapos ang kanilang date.

"Wow, hindi ba parang ang bilis naman yata niyan?" ang nabiglang nasabi ni Tristan habang iniaabot sa kanya ang beer na kinuha mula sa ref.

"I know pero ito ang nararamdaman ko eh. From the first time I saw her, I knew right away that she was the one for me," ang tahasan niyang pinakawalan habang nakaupo sa sofa nito sa living room. "Kilala mo ako, pare, I've never been really serious with women before. But when I met her, nagbago ang buong buhay ko. All of a sudden wala na akong ibang makita kundi siya."

"Nakahanap ka talaga ng katapat mo kung gan'on, hindi lang sa pangangarera kundi pati na rin sa love life mo! I'm telling you man, falling in love is a serious thing. I've been there and it was never easy."

"Everything that's worth having in this life will never be easy. At handa akong harapin ang kahit anong hirap para kay Geni," sumpa niya.

"HI, PAPA! Ano ba 'yang pinagkakaabalahan mo d'yan at hanggang ngayon gising ka pa?"

tanong ni Geni sa ama nang pumasok sa study room. Kauuwi pa lamang niya mula sa date nila ni Nathan, at nang makitang bukas pa ang ilaw sa silid na iyon ay pumasok na rin siya upang magpakita sa ama.

"It's a car that I'm designing which I plan to show to interested Filipino car manufacturers," proud nitong ipinaalam na nag-break muna sa non-stop nitong pagtatrabaho sa harap ng laptop mula pa noong umaga. "Panahon na rin kasi na mga kababayan ko naman ang makinabang sa mga creations ko. Gusto ko bago man lang ako mawala sa mundong ito, may nai-contribute naman ako sa bansa natin."

"Napakagaling talaga ng papa ko, kaya naman proud na proud ako sa 'yo eh," paglalambing ni Geni.

"Parang may feeling ako na mayroon kang hihingin sa akin," ang natutunugan na ni Mr.Aguirre. "Sawa ka na naman ba sa kotse mo?"

"Of course not, I love my car!"

"Kung ganoon, what do you need?"

"Uhmm… Pa… puwede na po ba akong mag-

boyfriend?"

Umiinom ito noon ng kape na kaka-serve pa lamang ng asawang pumasok sa silid nang muntikan itong mabulunan sa kanyang tanong. "Ano? Boyfriend?"

"Sweetheart naman, pagbigyan mo na 'yang anak mo. Baka nakakalimutan mo twenty-four years old na 'yan. Ano ba'ng gusto mong mangyari sa kanya, maging matandang dalaga?" pagsegunda naman ng kanyang ina na nakaupo sa silyang pahingahan ni Mr. Aguirre sa tuwing mapapagod sa kakatrabaho.

"Ano bang trabaho niyang lalaki na 'yan na nanliligaw sa 'yo?" tanong nito na hindi pa rin lubusang nakukumbinse.

"Managing director siya sa family business nila which deals with automotive parts distribution," imporma niya. "Tingnan mo parehong in line with cars ang mga trabaho ninyo. In fact, kaya ko nga siya nagustuhan kasi parang nakikita ko 'yung image mo sa kanya eh. Mabait rin siya, protective, thoughtful, hardworking…" pagbibida niya kay Nathan.

"Ang mabuti pa dalhin mo rito 'yang lalaki

na 'yan nang makilatis kong maigi," ang sinabi nito.

"Don't worry, Pa, I'll bring him here and I'm sure you will like him," ang hindi na napigilang pagkawala ng excitement ni Geni na napayakap at napahalik pa sa pisngi ng ama.

"Parang in love na ang anak natin," ang napapangiting nasabi ni Mrs. Aguirre nang makalabas na ang anak mula sa silid.

Hindi magawang makibahagi ni Mr. Aguirre sa kasiyahan ng asawa para sa kanilang unica hija. Iyon kasi ang araw na ikinatatakot nito na may darating na isang lalaki na maaaring umagaw sa pinakamamahal nilang si Geni. "Sana lang kung sino man ang Pontio Pilatong ito, he'll be worthy of our daughter's affection…"

"ANG SABI sa akin ni Geni, your family is involved in automotive parts distribution," banggit ni Mr. Aguirre nang imbitahan ni Geni si Nathan sa kanilang tahanan upang mag-dinner.

"Yes, Sir, 'yung grandfather ko po ang nag-start ng business namin. Right now, my father

Jose Peralta is the President while my older brother and I help him out," pagsagot ni Nathan na magbuhat pa lamang nang sabihan ni Geni na inaanyayahan siya ng ama nito sa kanilang tahanan ay hindi na nawala ang kaba sa dibdib. At mas lalo pang umigting iyon ngayon seeing how serious and strict-looking her father is. *Malinis naman ang intensyon mo kay Geni, ano ba ang dapat mong ikatakot?* paalala niya sa sarili para kahit paano ay lumakas ang kanyang loob.

"Ah I see…"

Kahit maikling sagot at pagtango lamang ang natanggap niya mula rito ay good sign iyon para sa binata dahil hudyat iyon ng approval nito sa aspeto ng kanyang trabaho at family background. Nagkatinginan na lamang sila ni Geni na binigyan siya ng reassuring smile. Subalit kaagad rin namang naputol ang paglawig ng kanyang kumpiyansa nang magbitiw ito ng isang napakahirap na tanong.

"Saan nga pala kayo nagkakilala nitong aking anak?"

*Oh no! Hindi nga pala siya pabor sa pagda-drag racing ni Geni. Kapag nalaman niyang doon kami*

*nagkakilala ng kanyang anak siguradong bad shot kaagad ako nito!* ang hirap na hirap niyang isip na hindi malaman kung sasabihin ba ang totoo o magtatahi na lamang ng istorya. Mabuti na lamang at sumingit ang dalaga.

"Ah…Papa, nagkakilala kami ni Nathan sa karting circuit sa Bicutan," pagtatakip nito sa katotohanang maaaring magwasak sa naiipon nang magandang impression ng ama kay Nathan.

Subalit hindi ganoon kadaling mapaniwala si Mr. Aguirre. "Karting circuit o sa drag racing?"

"Of course not! Pinagbabawalan nga po ako nitong si Nathan na sumali sa drag racing eh, delikado raw kasi," ang mariing tanggi nito.

"Mabuti naman kung ganoon. Masyadong mapeligro kasi 'yang hilig mong 'yan, takaw-aksidente at takaw-huli ng pulis!"

Napainom bigla ng tubig si Geni nang marinig ang huling sinabi ng ama.

"Huwag po kayong mag-alala sisiguraduhin ko po sa inyo na ilalayo ko na itong si Geni sa bisyo niyang 'yan," pangako ni Nathan.

"Mabuti pa nga, hijo, baka sakaling sa 'yo

makinig 'yan!"

Muling nagkatinginan ang dalawa mula sa opposite sides ng dining table at kapwa napangiti sa isa't isa. Alam nilang konti na lamang ay ganap na nilang makukuha ang approval ni Mr. Fernando Aguirre.

MATAPOS makamit nina Geni at Nathan ang blessing ni Mr. Aguirre, kinuha ng dalawa ang pagkakataon na mas makilala pa ang isa't isa. And through their various activities together, they had gotten to know each other's personalities better, hanggang sa makita na ni Nathan ang perfect time para tawirin ang susunod na yugto sa kanilang pagkakakilanlan.

"Thanks, I had fun again," ang sinabi ni Geni matapos siyang iuwi ni Nathan mula sa kanilang dinner sa isang classy restaurant. Handa na sana siyang lumabas mula sa kotse nito nang biglang hawakan nito ang kanyang braso at pigilan siya. "Yes?"

"Geni, I would like you to have this," ang sinabi nito sabay labas ng isang white gold necklace na may heart pendant mula sa bulsa

ng suot na suit. As he leaned over her, she got a good whiff of his expensive perfume.

"Thanks, it's really beautiful…" ang sinserong sinabi niya na lihim na kinikilig sa gesture na iyon nito nang mailagay ng binata ang necklace sa kanya.

"Just like you, Geni… you're beautiful…" balik naman ni Nathan sabay hawak sa kanyang kamay.

Ilang sandali rin silang nagkatitigan, at nang wala nang mga salita ang pumasok sa kanilang mga isipan, their lips still expressed their feelings for each other as they shared a sweet, gentle kiss.

"I am in love with you, Geni…" ang pinakawalan ni Nathan nang humiwalay sa kanya but still clutching her face with his big hands.

"I am in love with you too, Nathan…" pagtatapat na rin niya na sa kauna-unahang pagkakataon sa loob ng dalawampu't apat na taon niyang pamamalagi sa mundo ay noon lamang nakadama ng ganoong klase ng emosyon which made her feel so alive. *Ganito*

*pala ang pakiramdam ng umiibig, I wish I could stay this way forever…*

# 3

"What? How can they do this to me?" ang galit na galit na sigaw ni Mr. Fernando Aguirre nang matanggap ang tawag ng isang kaibigan na nagsabing ang kumpanyang nag-reject ng kanyang car design ay ninakaw ang kanyang idea at ipinepresenta na ngayon iyon bilang kanila. "I've worked so hard for that, paano nila nagawa sa akin ito?" ang naghihimutok na nasabi nito sabay hawak sa naninikip na dibdib.

Papalabas ng silid niya noon si Geni nang marinig ang pagsigaw ng ama mula sa study room. Kinutuban siya ng masama at dali-daling napatakbo. Pagpasok niya sa kinaroroonan nito ay nakita niyang nakahandusay sa sahig ang walang malay na ama. "Papa!"

"YOU'D BETTER nail this one with the Koreans, napakahalaga ng deal na ito, this could help our company a lot," paalala ni Don Jose Peralta kay Nathan habang papalabas sa pintuan ng kanilang mansion. Kapwa naghahanda nang magsimula ang mag-ama

sa isa na namang araw ng pakikipagsapalaran sa mundo ng negosyo. Magkaiba ang kanilang destinasyon noong umagang iyon, si Don Jose ay sa kanilang opisina sa Makati ang tuloy habang si Nathan naman ay sa isang appointment sa Edsa *Shangri-La* ang punta.

Papasakay na sa kanilang mga kotse ang dalawa nang biglang may dumating na pulis at nagpakita ng arrest warrant sa Peralta patriarch.

"Ano'ng ibig sabihin nito?" ang kaagad na paglapit ni Nathan sa mga humuhuli sa ama.

"Naghain ng demanda ang mga pinagkakautangan ni Don Jose kaya kailangan namin siyang dalhin sa presinto," sagot ng isa sa mga pulis.

"But this can't be! Hindi ninyo puwedeng hulihin ang daddy ko!" iniharang niya ang sarili.

Ngunit hindi na rin naman nakipaglaban pa ang matanda na sinabihan na lamang ang anak na kontakin si Atty. Tioseco saka makipag-ccoperate at sumama sa mga pulis.

Habang pinagmamasdan ni Nathan ang

paglayo ng police car na naglululan sa ama, he was still filled with shock. Alam niyang hindi maganda ang financial situation ng kanilang kumpanya ngunit wala siyang kaide-ideya na ganoon na pala iyon kalala. *Oh Lord, what is happening to us?*

"I'M SORRY, Mr. Aguirre didn't make it," ang malungkot na ipinaalam ng doktor na tumingin rito sa ospital na kanilang pinagdalhan.

Nananaghoy na napayakap si Mrs. Nita Aguirre sa tulalang anak na hindi matanggap ang sinapit ng ama. Pilit niyang iniisip na isang masamang panaginip lamang ang lahat at hindi magtatagal ay magigising rin siya at muling makakapiling ang pinakamamahal na ama. Ngunit nang marinig niya ang mas lalo pang tumitinding panaghoy ng ina ay doon na pinasukan si Geni ng realidad that they have already lost the man who anchors their lives.

"NATHAN, hindi ko sinasabi sa inyo ang tunay na sitwasyon ng kumpanya dahil ayokong magkaroon pa kayo ng alalahanin. Being the

head of this family, I tried to carry everything but it had become difficult for me already, hindi ko na ito kaya, anak…" pagtatapat ni Don Jose matapos mapiyansahan ni Nathan, ng panganay na anak na si Zandro at ng kanilang abogadong si Atty. Tioseco.

"Sabihin mo lang sa akin, Dad. Ano ba'ng puwede kong magawa? I'm willing to do everything para matulungan kita at ang kumpanya natin," pangako ni Nathan na nakaupo sa tabi ng ama sa likod ng kanilang *Ford Expedition*.

"Nagkausap kami ni Ramon, handa siyang bayaran ang ating mga pagkakautang at makipagsanib sa ating kumpanya kung… pakakasalan mo si Carina."

Biglang natigilan si Nathan, handa siyang gawin ang kahit ano para makatulong sa pagsasalba ng kanilang kabuhayan, ngunit sadyang mahirap gawin ang binanggit ng ama.

"Nathan, I know this is not easy for you to do, pero ikaw na lang ang natitira nating pag-asa. Your grandfather worked so hard para itatag ang kumpanyang ito, makakayanan mo bang makita na basta na lamang mapunta sa

wala ang lahat ng kanyang pinaghirapan?"

Sumailalim sa matinding dilemma si Nathan. He certainly wanted to help his family, pero paano naman ang babaeng kanyang minamahal, si Geni?

HABANG nasa funeral parlor ang mga labi ni Mr. Aguirre ay pilit namang tinatawagan ni Geni ang nobyong si Nathan. Sadyang napakahirap ng kanyang pinagdaraanan, and she needed him at that moment. Pilit siyang nagpapakatatag para sa ina ngunit alam niyang kailangan rin niya ng masasandalan. *But where is Nathan? Why is he not answering my calls?*

"NOON pa man gustong-gusto ko na itong si Nathan para sa aking mahal na si Carina. I think they are perfect for each other, don't you think so, kumpadre?" ang pleased na nasabi ni Don Ramon Escudero nang imbitahan nito sa kanilang mansion ang mga Peralta para mapag-usapan na ang engagement nina Carina at Nathan.

"I agree, kumpadre, Carina is such a

beautiful, intelligent, nice young woman and I am confident na napalaki ko naman nang maayos itong aking si Nathan kaya sa tingin ko ay bagay na bagay talaga sila," pagsang-ayon naman ni Don Jose na kaharap ang kaibigan sa kabilang dulo ng kabisera sa pahabang dining table.

"So bakit hindi pa natin ipaalam sa media ito?" suggestion ni Don Ramon. "I'm sure this will become the talk of the society and the business world. Imagine two influential families uniting, this will be a big news…"

Wala na ring nagawa si Nathan kundi isakripisyo ang puso para sa kapakanan ng minamahal na pamilya. Sadyang napakahirap para sa kanya ng desisyong ginawa lalo na't sa tuwing maiisip si Geni, pakiramdam niya ay dinudurog ang kanyang puso. Ngunit alam niyang hindi niya maaaring pairalin ang damdamin sa mga panahong iyon. Kailangan niyang magpakatatag para sa ikabubuti ng lahat. *Diyos ko tulungan Mo naman po akong kayanin ito… nakikiusap po ako sa Inyo…*